

1

May ilang minuto na ang lumipas na nakatitig lamang si Angelika sa bumabagsak na tubig sa magandang falls na iyon. Nilingon niya ang mga kasamang sina Faith, Ely, Roi at Joven. Magkakaklase sila at nasa huling semester na sa kursong Bachelor of Science in Electronics and Communications Engineering.

Dahil kakatapos lamang ng matagumpay nilang presentation-defense ng kanilang final project at umani sila ng papuri mula sa mala-tigre nilang instructor, at palakpak naman mula sa kanilang mga kaklase ay nagpasya ang grupong mag-unwind. Ilang linggo rin kasi silang halos hindi na natutulog dahil sa paghahanda para roon.

Si Faith, ang hopeless romantic ng grupo ang nag-suggest sa lugar na iyon. The place was called, *Sapangbato*, isang tagong bundok na bahagi pa rin ng Angeles City. Mula sa main highway ay lumakad sila ng ilang kilometro, kasama na ang mga sapa at ilog na tinawid nila. May mga nakita rin siyang bukal na pinagkukunan raw ng fresh mineral water. At heto nga, pagkatapos ng mahaba at maingay na lakaran, nakatingala na si Angelika sa napakagandang falls!

“Tatlong coins, Gie.” Napalinging siya kay Faith nang sabihin nito iyon. Kasunod nito ang mga lalaki sa grupo. “Thagis mo sa tubig pagkatapos mong mag-wish, matutupad ang wish mo.”

Malakas ang ginawa niyang pagtawa, isang malaking kalokohan iyon para sa kanya. Idagdag pang hindi naman siya naniniwala doon.

“Bakit hindi natin subukan?” Si Ely na nakatingin kay Faith. May kutob siyang sumang-ayon lamang ito para magpapansin sa huli. Matagal na niyang alam na may lihim na pagtingin ito sa babae.

“Oo nga naman.” Ngumisi si Roi, ang pinakamaloko sa grupo pero sobrang matalino. Ito ang source nila ng mga ideas na kahit instructors nila ay nai-impress. Kinapa nito ang dalawang bulsa at nakakuha ng tatlong piso.

“Siyempre ako rin!” Natawa siya nang tatlong biente cinco lamang ang inilabas ni Joven. “Para sakaling hindi magkatotoo, seventy-five centavos lang ang nawala sa akin!” At tumawa ito.

Sina Faith at Ely ay magkasunod lamang ng naglabas ng tatlong limang piso, tumingala at halos sabay ring pumikit.

Napangiti si Angelika. May chemistry naman pala

ang dalawang ito, matutuwa siguro siya kapag ang mga ito ang nagkatuluyan sa hinaharap. Sabay rin na nagmulat ang mga mata ang dalawa, nagkatinginan pa bago inihagis sa tubig ang mga coins.

“Wish granted!” sabi ni Faih na ngiting-ngiti.

“Yes,” sang-ayon naman ni Ely.

“Kami naman,” ani Joven sa dalawa. Pumalit ito sa puwesto nina Faith, kasunod si Roi. Hindi niya alam kung nag-wish nga ang dalawa dahil basta na lamang inihagis sa tubig ang mga coins.

“Mayaman na ako, bukas!” sigaw ni Joven na nakatawa.

“Ako, king—scorpion king!” sagot ni Roi pagkatapos ay nagtawanan ang dalawa.

“Ikaw, Gie?” Si Faith.

“Sus, sayang lang ang coins ko diyan!” Napaupo siya sa malaking bato, tiningala ang falls.

Naghiwa-hiwalay na ang mga ito. Sina Faith at Ely ay salitan sa pagkuha ng pictures samantalang sina Roi at Joven ay naupo naman sa ibabaw ng malaking bato kaibayo niya at pinapak ang baon nilang junk food.

Wish? anang isip niya habang nakatitig pa rin sa bumabagsak na tubig. Kung sakali nga na nagkakatotoo ang isang wish sa falls na ito, ano ba ang hihilingin niya?

Buo ang pamilya niya—siya at ang dalawa niyang kapatid na babae kasama ang kanilang lola. Ulila man siya sa magulang ay wala na siyang mahihiling pa. Masaya sila.

Wala rin siyang problema sa finances. Ang pag-aaral niya, sagot ng Ate Adelle niya at ni Drei, ang kapatid niyang mas matanda sa kanya ng tatlong taon, pero para niyang kakambal kung kalokohan at kakulitan ang pag-uusapan. At kahit ngayong engaged na ito sa kasintahang si Henry, hindi pa rin nagbabago ang kapatid niya.

Napangiti si Angelika nang maalala ang kuwento ng pag-ibig ng dalawa. Tulad ng Ate Adelle niya, may sarili rin itong kuwento na tuwing sumasagi sa isip niya ay napapangiti siya. Henry and Drei were former enemies before they found home in each other's arms. Iba talaga ang nagagawa ng pag-ibig.

Why not wish for your one true love, Gie? Napakurap siya dahil sa sumaging iyon sa utak. Bakit nga ba hindi? Ipinilig niya ang ulo. Kabaliwan ito para sa kanya, pero natagpuan niya pa ring kumakapa ang

mga kamay niya sa kanyang bulsa.

Kailangan pa ba niyang mag-wish? Alam na alam niya naman sa sarili ang mga katangian ng lalaking hinahanap niya. Ang totoo nga niyan, may listahan siya ng mga katangiang iyon—mula pisikal hanggang financial aspect, detalyado niyang isinulat. Nasaan na nga ba ang listahan niyang iyon?

Si Keith, ang asawa ng Ate Adelle niya na isang magaling na abogado at si Henry, ang fiancé naman ni Drei na magaling na negosyante ang pinagkunan niya ng mga katangiang iyon. Naisip niya, kailangang katulad rin ng mga ito ang makakasama niya sakaling bubuo na siya ng pamilya.

Pero dahil yata sa boyish looks niya, hanggang ngayon ay walang naglalakas-loob na manligaw sa kanya. Lalaki yata ang tingin sa kanya ng mga kaklase niyang mga future engineers. Kung tutuusin nga, dahil nasa Engineering Department siya at halos lalaki lahat ang naroon, madali siyang maliligawan. Ngunit hindi, sa limang taon niya sa kolehiyo at sa departamento, walang nangahas na manligaw sa kanya!

Taekwondo athlete rin kasi siya ng university. Siguro ay overpowering ang dating niya kaya intimidated ang mga potential papa sa kanya. Sa taas

ba naman niyang five feet at seven inches? Idagdag pang fashionably short ang buhok niya at ang palagi niyang get-up ay loose shirt at jeans, wala talagang lalaking lilingon sa direksyon niya!

Sa lalaki ka ba talaga attracted? naalala niyang tanong noon ni Drei sa kanya. Maging ang kapatid niya ay tomboy ang tingin sa kanya kung hindi lang niya inamin dito ang atraksyon niya kay Adrian, ang abogadong best friend ni Keith na tugmang-tugma ang katangian sa lalaking hinahanap niya. Iyon nga lang, nagkamali yata siyang isipin na espesyal din siya rito. Dahil hanggang ngayon, wala naman itong sinasabi.

Napangiti siya nang eksaktong tatlong coins ang nakapa niya sa bulsa.

Bagaman nanghihinayang sa tatlong limang piso na ihahagis niya, sinubukan na niya rin. Wala namang mawawala. Kung magkatotoo ang wish, eh di, masaya. Happy ending ang love life niya!

Tinitigan niya ang tubig kasabay ng pagkuyom ng palad niya kung saan naroon ang mga coins.

“Okay,” anas niya, tumingala at pagkatapos ay mariing pumikit habang sinasambit sa isip ang kanyang wish. *I’d wish for my one true love—if he’s*

not Adrian, ma-meet ko na sana siya...

Saka siya nagmulat ng mga mata at inihagis sa tubig ang tatlong coins.

“Wish granted!” napalingon siya kay Faith na nakangiti.

Tumawa siya. “Sana nga pakinggan ako ng kalikasan, Faith!”

“Aba, at saan ka galing, magaling kong kapatid?” tanong ni Andrea na nabungaran niyang prenteng nakaupo sa sala nila. Sa Manila na naglalagi ang kapatid niya tulad rin ng Ate Adelle nila. Madalas ay Sabado ng gabi ang uwi ng mga ito sa Pampanga.

“Sabado na ba?” nakangising ani Angelika. Dinampot ni Andrea ang pillow sa tabi at ibinato sa kanya. Kagaad na nasalo niya iyon at ibinalik dito.

“Alas ocho na ng gabi, ah. Uwi pa ba ito ng marangal na babae?”

Malakas siyang naubo. Kopyang-kopya nito ang tono ng conservative nilang abuela, si Lola Alejandra.

May lalaking tumawa mula sa direksyon ng kusina. Doon natuon ang tingin niya. Si Henry.

“Bayaw, ‘musta?’” kaagad na bati niya rito.

“Heto, pressured at stressed,” tugon naman nito.

“Sa work?” usisa niya.

Umiling ito at lumipad ang tingin sa kapatid niya pagkatapos ay ngumisi. “Nope. Sa kapatid mong makulit.”

Malakas siyang tumawa nang bumusangot si Andrea. “That’s your fault,” aniya naman. “Habambuhay mo nang pasanin si Drei. Dapat kasi, hindi ka muna nagbigay ng singsing para puwede pang takasan. Tutulungan naman kita sakaling gusto mo, eh!”

Tumawa ito. “Yong pizza mo nasa table sa kusina,” anang binata.

“Salamat, the best ka talaga!” akmang susugod na siya sa kusina nang pagdaan niya sa nakaupong si Andrea ay hinila nito ang bisig niya.

“Tinanong kita, hoy! Saan ka galing?”

“Daig mo pa ang imbestigator, Drei!” angal niya. “Nag-unwind lang kami sa bundok ng mga ka-grupo ko. Successful ang final project namin kaya gumimik kami para i-refresh ang mga overused brains.”

“Eh, bakit ngayon ka lang?” Lumapit pa ito at sinisinghot-singhot siya. “Nag-inuman kayo? Bakit amoy-sigarilyo ka?”

Narinig niya ang tawa ni Henry. Umupo ito sa tabi ng nobya. “Daig mo pa si Lola kung mag-interrogate, Drei!” Hinagod nito ang buhok ng kapatid niya.

“At kailan naman ako uminom, aber? Sigarilyo? ‘Yong mga lalaki namang kasama sa grupo, hitit ng hitit ng sigarilyo, baka dumikit ang amoy sa akin. Ano ka ba, Drei? Para namang hindi mo alam na mas matino ako kaysa sa ‘yo!’”

“Tama siya,” sang-ayon ni Henry. Nang tapunan ito ng kapatid niya ng matalim na tingin ay napatikhim ito. “Ibig kong sabihin, mali siya.”

Napabungisngis si Angelika. Bagay na bagay talaga ang dalawang ito. Tandang-tanda pa niya kung gaano magbangayan noon.

“Anyway,” ani Andrea mamaya. “May client meeting si Henry sa Clark kaya dumaan na kami rito. Weekend na naman bukas, baka gusto mong sumama sa amin.”

“Bakit?”

“Farewell gimmick ni Adrian bukas ng gabi, Gie?”

“Farewell gimmick,” she echoed. Napamaang siya sa kapatid. Bakit hindi man lang niya nabalitaan ang tungkol doon? Pakiramdam niya ay may dumagan sa dibdib niya. Saan pupunta ang ultimate crush niya?

“Babalik na siya ng Amerika, Gie,” sambit ni Henry. “Might stay there for good.”

“T-talaga?” hindi niya naitago ang lungkot. Bumigat ang pakiramdam niya. “Kailan ang alis niya?”

“Thursday next week.”

“Nakakainis siya. Di man lang nagpasabi...”

“Busy siguro,” anang kapatid niya. “Kaya kung siya pa rin ang balak mong pikutin sa hinaharap, aba, kapatid ko, ngayon pa lang, kumilos ka na. Ang dinig ko kay Kuya Keith, may mahal raw iyon sa past niya na hindi magawang i-let go.”

“Yeah, alam ko rin ‘yan,” sang-ayon ni Henry. “Childhood sweethearts sila. May kanya-kanyang landas na pinili kaya naghiwalay. But now, they’re both single.”

“Kaya kawawa ang lovelife mo, Gie.” Pumalatak pa si Andrea, nang-aasar. Alam niyang gumaganti lamang ito sa mga pang-aalaska niya rito noon. “Kung

ako sa ‘yo, magtatapat na ako once ang for all!”

“Huwag mo namang i-push, sweetheart,” saway ni Henry. “Baka i-hostage niya si Adrian sa ginagawa mo!” biro nitong ikinatawa niya.

“Okay nga ‘yon, eh! Gamitan mo ng taekwondo skill mo, Gie. Marry me or die?” natatawang anito.

Hindi siya umimik ng ilang minuto. Mayamaya ay, “Sa tingin n’yo, kung magtatapat ako, may pag-asa ako sa taong iyon?”

Sabay ang pag-awang ng mga labi ng dalawa. Pagkatapos ay nagkatinginan na tila hindi makapaniwalaang galing sa kanya ang salita.

“Are you serious?”

“You mean that?”

Magkapanabay pang nausal ng dalawa habang titig na titig sa kanya.

Ito na siguro ang umpisa ng katuparan ng wish ko... “May masama ba?” Muling nagkatinginan ang dalawa.

Mayamaya ay ngumiti si Henry. “Wala, Gie, in fact, uso na ‘yan ngayon. Drei was the one who proposed to me, remember?”

Siniko ito sa tagiliran ng kapatid niya. “Duwag ka kasi masyado!” ganti ni Andrea. Nilingon siya nito muli. “Seryoso ka nga?”

“Eighty percent serious, Drei. Ang natitirang twenty percent ay kung kaya ko ba. Alam mo na, I’m physically tougher than you, pero pag emosyon na at kahihyan, sa ating dalawa, ikaw ang matapang.”

“Agree,” sang-ayon ni Henry. “Pero kung ako ang tatanungin mo, Gie, I’d say, go for it. It’s now or never...”

“Yeah. Now or never...” ulit niya at nagsimulang kumabog ang dibdib. Kaya ba niya?

2

Nakatingin lamang si Angelika habang nag-e-enjoy sa dance floor ang mga kasama niya. Nasa isang kilalang resto-bar sila sa Makati nang gabing iyon. Kaibigan ni Henry ang may-ari kaya naka-reserve ang lugar para sa farewell party ni Adrian.

Ang pagtatapat na naiisip niya ay nagpapakabog ng husto sa dibdib niya. At the same time, nagpapahina ng tuhod. May kutob siyang hindi niya magagawa iyon ng tama dahil sa nerbiyos niya!

“Gie?” Napapitlag siya. Wala sa sariling nilingon ang tumawag na iyon. Pakiramdam niya ay nalaglag ang puso niya nang makita ang lalaking iniisip niya. Lalo nang nag-umigting ang kaba niya. Alam niyang hindi niya kakayaning magtapat sa gabing ito, hihimatayin lamang siya sa kaba!

“Bakit, gulat na gulat ka?” Ngumito ito nang matamis. Isa lamang iyon sa mga nagustuhan niya rito.

“Hi—ah, kumusta?” aniya nang sa wakas ay makabawi. “Party mo ‘to pero late ka!”

“Oo nga, pasensya na. Kanina pa kayo?”

“Medyo. Hayun nga, nag-e-enjoy na sina Ate at Drei,” at ibinalik niya ang tingin sa dance floor. Nagulat pa siya nang bigla nitong hilahin ang bisig niya. Bago pa siya nakapagprotesta ay nasa dance floor na sila. Sa malamlam na liwanag ay kitang-kita niya ang nanunuksong ngiti ng mga kapatid niya, lalo na si Andrea.

Napalunok siya. Gusto niyang tumakbo na lamang palabas nang mga sandaling iyon. Pero malabong magawa niya iyon lalo at kaswal na hinapit ni Adrian ang baywang niya at hinawakan ang kanan niyang palad.

Oh, God... Ganito pala ang pakiramdam kapag kasayaw mo ang Prince Charming na pinapangarap mo. Hindi niya kayang ipaliwanag ang kasiyahang pumupuno sa kanyang dibdib.

Subalit katulad ng nakatakda nilang paglalayo ni Adrian, natapos na ang tugtugin, naputol ang magic moment, nauwi sila sa paghihiwalay. Magkasunod na silang bumalik sa mesa.

Ang mga sumunod na sandali ay nahati na sa dance floor, sa kuwentuhan at inuman. Nawalan na siya ng pagkakataong makausap nang sarilinan si Andrian. Ang alak ang napagbuntunan niya. Kung dati ay wala siyang interes sa alcohol, ngayon ay

solusyon ang tingin niya roon.

“Uy, Gie, ano?” untag ni Andrea na inilapat ang mukha sa kanya. “Huwag mong sabihing, iinom ka na lang?” Nang hindi siya umimik ay tumawa ito; nang-aalaska. “Love is like a rosary, that’s full of mystery, ha?” Dialogue niya iyon noon, noong inaasar niya ito nang mapatunayan niyang umiibig na ito kay Henry. “Pang-ilang mystery ka na ngayon, kapatid ko? Sorrowful ba?”

Nang akmang hahampasin niya ito ng hawak niyang kopita ay tumatawa itong lumayo. Nahuhulaan na niyang ang Ate Adelle niya naman ang sumunod na lalapit kaya bago pa mangyari iyon ay tumayo na si Angelika upang magtungo sa ladies’ room.

Mabibilis ang mga hakbang niya. Nang makapasok ay pinatay niya lamang ang oras sa pagtitig sa repleksyon niya sa salamin. At nang sa wakas ay lumabas na ang huling babaeng kasabay niya, kinausap na lamang niya ang sarili. Paulit-ulit niyang inusal ang mga sasabihin niya kay Adrian, pero sa huli ay isinubsob na lamang niya ang noo sa malapit na dingding.

Hindi pa sapat ang lakas ng loob niya sa gabing ito.

Napabuntong-hiningang lumabas na lamang si Angelika. Natigilan siya nang makita niyang kalalabas din lamang ni Adrian mula sa men's room. Hakbang lamang ang layo nito sa kanya!

“Adrian!” Kasabay ng pagkabog ng dibdib niya ang paglingon nito. Nang makita siya ay ngumiti ito at humakbang palapit sa kanya.

“It’s now or never,” naalala niyang sabi ni Henry. Tinitigan niya ang binata. Pagkatapos ay napabuntong-hininga siya.

Kumunot-noo si Adrian. “May problema, Gie?”

Napalunok siya. “T-tuloy na ba talaga ang alis mo sa Thursday?”

“Yeah. Why?”

Hindi siya nakaimik. “H-hindi na ba magbabago ang isip mo?”

“Well... siguro kung—kung may mabigat na dahilang ilalatag sa harap ko, baka sakali.”

“Tulad ng?”

“Pag pinikot mo ako?”

Napatulala siya rito. Tumawa si Adrian; saka niya napagtantong biro lang ang sinabi nito. “Hey,

what's wrong? Ngayon lang yata nangyari na hindi mo nakuha ang biro ko. Ano'ng problema?"

Marahan siyang umiling. Nanlumo. Isang biro lamang pala para rito ang damdamin niya kung sakali. Baka kapag nagtapat siya, mas malakas na tawa lamang ang itugon nito. Hindi niya kaya iyon.

"Wala, Adrian..." Pinilit niyang ngumiti. Nalusaw na ang huling pag-asa niya. "Tara na." Pumihit siya, at nabangga sa solidong katawan ng kung sino.

Nagmamadali marahil ito o wala sa dinadaan ang atensyon. Kaagad na naagapan ng isang bisig nito ang baywang niya kaya napigilan ang sana ay pagbagsak ni Angelika sa sahig dahil sa impact.

"My fault, sorry—"

"Lasing ka na ba? Watch your steps, brother!" putol ng tinig ni Adrian sa iba pang sasabihin ng lalaking nakabangga sa kanya. Kasabay ng pag-angat niya ng tingin ang pagbitaw ng lalaki sa baywang niya. "Are you all right, Gie?" hindi na nag-sink in sa kanya ang tanong ni Adrian.

Oh, heaven, he's so huge! Napatulala siya sa estranghero. Adrian was almost six feet but this man was taller! Pero dahil nakatalikod ito sa pinagmumulan ng malamalam na ilaw ay hindi niya

nakita nang malinaw ang mukha nito.

“Accident,” narinig niyang sabi nito. “Sorry, sweet one.” Walang kaabog-abog siyang hinagkan nito sa pisngi. Huli na ang schocked niyang pagsinghap!

“That’s my playful brother, Gie. Pasensya ka na.”

Napabaling siya kay Adrian nang marinig ang boses nito. “K-kapatid mo ‘yon?”

“Arone. Wala ka sa mesa nang dumating siya kaya hindi kita naipakilala.” Wala sa sariling napaligon siya sa nakasarang pinto ng men’s room. “Kababalik niya lang from the States. Gusto raw magbakasyon rito. He’s a first rate Marketing person, hindi halata dahil masyadong playful. Siya na ang magbebeta ng mga properties ko rito kung sakaling hindi ko na gustuhing bumalik.”

“Arone...” Hindi niya alam kung bakit paulit-ulit na bumabalik ang tingin niya sa pinto ng men’s room habang naglalakad sila ni Adrian pabalik sa mesa nila.

Malakas na tugtugin ang gumising sa diwa ni Angelika. Pupungas-pungas na bumangon siya at hinanap ang pinagmumulan niyon. Pero bago pa man umabot sa pakay ang mga mata niya ay nahagip na

ng tingin niya ang kapatid na si Andrea.

Napaungol na ibinagsak niyang muli ang sarili sa kama. Nahuhulaan na niya kung nasaan siya—sa condo ng Ate Adelle niya.

“Patayin mo ‘yan, Drei!” reklamo niya at tinakpan ang mukha ng unan. “Ang ingay!”

Tumawa lamang si Andrea. Parang nanadya pang nilakasan ang volume ng CD player. “Weekend kaya, sister, oras ng exercise ko. Tumayo ka na diyan at sabayan mo ako. Para naman magka-abs ka!” Malakas pa itong tumawa. Napipikong nag-angat siya ng ulo.

Sinasabayan pa nito ng kanta ang naghuhumiyaw na awitin ni Madonna na *Like A Virgin*, habang bigay na bigay ang pagsasayaw nito.

Napipikong binato niya ito ng unan na sinalo lamang nito at marahas na ibinalik sa kanya.

“Bumangon ka na!” nakangising singhal nito. “Yan ang napapala ng lasengga! Bakit kasi itinodo mo ang inom kagabi? Nag-pass out ka na, hindi pa man tapos ang party. Salamat na lang sa kapatid ni Adrian. Kung hindi sa kanya, may amnesia ka na sana ngayon!”

Natigilan siya. Kapatid ni Adrian? Sinikap niyang

balikan sa isip ang nangyari. Pagkatapos nilang mag-usap ni Adrian ay bumalik na siya sa puwesto niya at hindi na niya maalala kung nakailang salin siya ng alak. Hinayaan na lang siya ng mga kapatid, naintindihan na marahil ng mga ito ang dahilan niya sa dibdib.

Hindi na siya aware sa paligid nang mga sumunod na oras. Basta ang natatandaan ni Angelika, masaya ang kuwentuhan at nagkakasiyahan ang lahat. Si Adrian ay hindi nanatili sa tabi niya, hati ang atensyon nito sa mga kaibigang naki-party. Isinuko na niya ang balak na pagtatapat.

Ang huling natatandaan niya ay tumayo siya upang magtungo sa ladies' room. Masamang-masama na kasi ang pakiramdam niya. Pinilit niyang maging tuwid ang lakad kahit nahihilo na siya.

Subalit nang muli siyang lumabas ay umiikot na ang paligid niya. Napaungol na sumandal siya sa dingding upang suportahan ang tayo. Hinanap niya sa paligid ang mga kapatid, pero malala na talaga ang pakiramdam niya. At sa minsan niyang paghakbang ay hindi na niya kinayang suportahan ang sarili, nabuwal siya at bumagsak.

Naramdaman niyang may mga bisig na sumalo sa kanya. Hindi niya matiyak kung si Keith o si Henry.

Basta ang sigurado niya, base sa nararamdaman niyang paghawak nito sa kanya—kilala siya nito.

“Kung ganoon... h-hindi isa sa mga bayaw ko ang sumalo sa akin?” aniya kay Andrea.

“Hindi. Si Arone po. Nakakatawa nga ‘yung taong iyon. Ang laki-laking tao, kaagad nagpa-panic! Kung hindi pa napigilan ni Adrian, sa ospital ka itutuloy!”

Napapangiting bumangon siya. Parang nakikita niya sa isip ang scenario.

“Hoy, ano’ng nginingiti-ngiti mo riyan!” untag ni Andrea na nagpapatlag sa kanya.

Kaagad siyang pumormal. “Si Adrian, a-ano’ng reaksiyon?”

“Wala. Ang sabi lang niya, mukha daw may problema ka. Kung hindi lang ako pinigilan ni Henry, ako na ang nagsabing siya ang problema mo!” Itinuloy nito ang naudlot na pagsayaw. Mayamaya ay nilingon siyang muli. “Pero alam mo, Gie, mas bagay kayo ni Arone, in fairness!”

Napamaang siya. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang excitement na bumabangon sa dibdib niya. Gusto niyang makitang muli ang kapatid ni Adrian.

3

Linggo ng hapon nang sa wakas ay naipon ni Angelika ang sapat na lakas ng loob. Dahil bukas ay may pasok siya sa university, ito na ang huling araw na makikita niya si Adrian na tuloy na raw ang alis sa Huwebes ng umaga.

Nang nakaraang gabi ay halos hindi niya pinatulog si Andrea. Ito ang ginawa niyang tagapakinig habang pina-practice niya ang sasabihin kay Adrian. Madaling-araw na nang sa wakas ay magawa niya nang tama ang lahat. Nakatulog din marahil ang mga hampas ni Drei sa kanya. Antok na antok na kasi ito, pero pilit niyang ginigising.

At kanina, si Henry naman ang nagpalakas ng loob niya. Ayon dito, nasa pad daw si Adrian buong maghapon kaya maaabutan niya ito.

Sunud-sunod ang pagsagap niya ng hangin nang nasa lobby na siya ng lugar. Dahil kilala na siya ng mga guwardya ay hindi na itinawag sa itaas na naroon siya. Pinipilit niyang kalmahin ang sarili, pero hindi talaga mapanatag ang pintig ng puso niya!

“Kaya mo ito, Gie...” sa sarili ay usal niya nang

pindutin niya ang buton ng ika-limang palapag kung saan naroon ang bachelor's pad ng binata. Pero hanggang sa nakalabas na siya ng elevator ay hindi man lang nabawasan ang kaba niya, sa halip ay mas lumala pa!

Sunud-sunod ang ginawa niyang inhale-exhale habang nasa hallway siya at marahan ang mga hakbang.

Bukas ang pinto?

Natigilan si Angelika at ilang segundong napatitig doon. Iginala niya ang tingin sa paligid. Baka lumabas si Adrian. Pumasok siya nang walang tunog sa loob at doon nakiramdam. May mga kaluskos siyang naririnig. Ibig sabihin, nasa silid si Adrian. Nagpasya siyang puntahan na lamang ito.

“Help please,” usal niya habang hinahagod ang dibdib at isa’t isang binabanggit sa isip ang mga pangalan ng lahat ng santong kilala niya.

Muli siyang nag-inhale-exhale bago hinawakan ang door knob. Ano na nga ba ang una niyang sasabihin? Inalala niya ang advices ni Andrea.

Pinihit niya ang doorknob. Bukas rin ang pinto? Akmang magwa-warning knock siya nang may maisip. Mas masasabi niya ang piece niya kung hindi

niya ito nakikita—so... tama! Dito lamang siya sa labas habang ito naman ay nasa loob. Mas magaan sa dibdib at pride niya ang ganoong set-up. Para sakaling tumawa ito, madali na lang para sa kanyang kabigin pasara ang pinto at takbuhin ang elevator.

“Adrian?” tawag niya at humigpit ang hawak sa doorknob. Ilang sentimentro na ang pagkakaawang ng pinto noon. “S-si Angelika ‘to. May... may gusto akong sabihin. P-pasensya ka na kung tumuloy na ako rito sa silid mo, ha?” walang sagot mula sa loob, pero naramdaman niyang may humilig sa pinto. Hinigpitan niya ang hawak sa doorknob para pigilan ito.

“P-please,” pakiusap niya. “Hindi ko masasabi ang lahat nang harapan kaya ganito na lang. Dito na lang ako. Makinig ka, please. At... at kung gusto mong tumawa, puwede bang gawin mo ‘yon kapag nasa taxi na ako pauwi?”

Wala na siyang narinig na anumang tunog sa loob. Hindi na rin nagtangka si Adrian na luwangan ang pagkakaawang ng pinto.

“Okay...” Hinagod niya nang mariin ang dibdib. “Aalis ka na sa Thursday, balik-Pampanga na rin ako mamayang gabi kaya ito na lang ang last chance ko na sabihin ‘to.” She paused and breathe in more air.

“Maybe like everyone else, lesbian rin ako sa paningin mo. Oh well, sanay na ‘ko roon.” Sinundan niya iyon ng walang lamang tawa. “But I’m not. Because if... if I am... s-sana hindi kita nagustuhan.” Mariin siyang pumikit. There, she said it. At kailangan niyang ihanda ngayon ang sarili niya sa reaksiyon nito!

Pero nanatiling tahimik lamang sa loob ng silid. Tila gusto lang makinig ni Adrian sa confession niya. Natutuwa ba ito? Nananahimik ba ito para habaan pa niya ang pagtatapat? Sa naisip ay nabuhayan siya ng loob.

Nagpatuloy siya, “I’ve got this intense crush on you since the first time I saw you sa unit ni Kuya Keith noon. And since then, ikaw na ang nag-iisang lalaking pinangarap kong makasama. I could say you care for me, too—nararamdaman ko ‘yon. Pero kung hindi iyan katugon ng damdamin ko, huwag mo na akong tawagan at huwag ka na ring magpaalam sa Thursday. Hindi ko kaya ang harapang rejection, eh.” Tumawa siya nang magaan. “Nakatulog ka na ba sa confession ko?” biro pa niya. “I treasured this feeling and you’re special to me. Kung hindi ka aalis, hindi ko gagawin ko ‘to, eh. Kaso baka pagsisihan kong hindi ko sinubukan. Kaya heto ako... nakakahiya talaga pero... pero kailangan kong gawin.” Buntong-hininga siya muli. “Adrian? I’m not sure but I think I’m falling

in love with you. Nasasaktan kasi ako ngayong alis ka na...”

Sa ibang pagkakataon ay humagalpak na ng tawa si Arone. Pero dahil sa bigat ng tono ng babaeng nasa labas—na nagtatapat ng damdamin para sa kapatid niya—hindi niya nagawa.

Base sa mga narinig niya, napakahirap para ito ang ginagawang paglunok sa pride alang-alang sa damdamin. Ano kaya ang magiging damdamin ng kapatid niya?

Angelika? Kung ganoon...

Nakiramdam siya. Tahimik na ang babae sa labas. Binabawi marahil ang lakas ng loob na tinangay ng pagtatapat na iyon.

Napangiti siya. Ito ang babaeng sinalo niya nang nakaraang gabi, kung hindi siya nagkakamali. At ang babae rin na ninakawan niya ng halik sa pisngi matapos niyang sadyaing banggain para makuha ang atensyon nito. Lumuwag ang ngiti niya.

Ang totoo, mula nang makita niya itong kausap ng Kuya Adrian niya ay nakuha na nito ang atensyon niya. Kakaiba ito sa mga babaeng nakilala niya o

maging naka-fling niya. Naka-loose shirt at shorts ito, na madalas ay suot ng mga lalaking tulad niya. Pero sa kabila niyon, alam na niyang babae ito. Maybe, it was the soft feminine face that made the difference. Mala-anghel ang amo ng mukha nito, malabong taglayin ng isang lalaki. Angkop na angkop rito ang pangalang taglay.

Pinagmamasdan niya pa rin ito nang lihim sa mga lumipas na oras. Tahimik itong umiinom.

Kaya pala! Ang damdamin nito sa kapatid niya ang pinoproblema ng babae!

At nang tumayo ito, intentional ang ginawa niyang pagsunod dahil nahuhulaan na niyang mabubuwal ito. Binibilang niya ang kopita ng alak na itinataob nito kaya alam niyang lasing ito nang mga sandaling iyon. Hindi nga siya nagkamali, bumagsak ito sa mga bisig niya.

And the woman was soft... tempting and so beautiful. Kung hindi niya lamang pinigil ang sarili ay baka nahagkan na niya ito nang mismong oras na iyon!

“Adrian?” nagbalik sa kasalukuyan ang isip niya dahil sa mababang pagtawag nito. Hindi pa rin siya umimik. Kung hindi nito sasadyaing buksan ang pinto

ay hahayaan niyang isipin nitong siya nga ang kuya.

Nasisiguro niyang kapag nakita siya nito ay mapapahiya ang babae at hindi niya hahayaan iyon.

Nagsalubong ang kilay niya nang marinig niya ang marahas nitong pagsinghap kasunod ang gulantang na, “Adrian!”

Nahiling ni Angelika na sana ay bumuka na lamang ang sahig sa kinatatayuan niya at lamunin siya. Sunud-sunod ang malakas na pintig sa dibdib niya habang sinusundan niya ng tingin ang mararahang hakbang ni Adrian paakyat sa hagdanan.

Nakangiti ito na para bang nasisiyahang makita siyang naroon. Pero siya, ni hindi niya magawang tuminag. Daig pa niya ang itinulos sa kinatatayuan nang makita niyang kararating lamang nito sa bahay!

Ang lalaking inakala niyang nakikinig sa litanya niya ng pag-ibig ay pawisan pa habang bitbit ang mga take-out food!

Kung posible lang na pilitin ang sariling mag-collapse ay baka kanina pa siya nakahandusay!

“A-Adrian...” nausal niyang muli, this time ay wala ng tunog. Walang sariling binitiwang na niya

ang doorknob. Nakamaang pa rin siya sa binata. Hanggang sa mga sandaling iyon ay ayaw niyang paniwalaan na ibang tao ang nakikinig sa kanya at... muli siyang napasinghap. Ang nakikinig sa kanya ay maaaring...

Marahas siyang napabaling sa pinto nang bumukas iyon. Kinumpirma ng malaking bulto ng lalaking nagbukas niyon ang hinila niya.

“No...” nausal niyang labis ang pag-iinit ng mukha. *Hindi ito totoo. Panaginip lang ito, hindi siya ang nakikinig sa confession ko, oh no!*

“Hi!” kaswal na bati nitong nakangiti.

Tanging paglunok lamang ang nagawa niyang itugon. Dagli niyang inalis ang tingin dito. May kung ano siyang kislap na nasilip sa mga mata ni Arone.

“Naidlip ako, Kuya. Umalis ka pala?” anito kay Adrian. “Tuloy, hindi kayo nagpang-abot ng bisita mo. Kanina ka pa ba sa may pintuan, Angel?”

Anghel? Bumalik ang mga mata niya rito. Unang pagkakataong may tumawag sa kanya sa ganoong nickname. ‘Gie’ siya para sa lahat.

Mali pa na tumingin siya rito dahil malinaw niyang nakita ang pagkislap ng mga mata nito habang

makahulugan ang ngiti. Gusto niyang lumubog sa labis na kahihyan!

“I didn’t hear anything,” sabi pa nito at mas lumuwang ang ngisi. Alam niyang double meaning iyon.

“Nakapasok si Gie nang hindi mo namalayan? Antukin ka talaga, bro!” ani Adrian.

“Yeah,” sang-ayon nito, pero ang tingin ay hindi inaalis sa kanya.

Isinaksak ng nakatatandang lalaki sa dibdib ng kapatid ang mga plastic bags na bitbit. “Ihanda mo na ‘yan. Tulog ka nang tulog!” Pagkatapos, kaswal na hinahawakan ni Adrian ang bisig niya. “By the way, Gie, ano’ng atin? Sa baba na tayo mag-usap. Sumabay ka na sa early dinner—”

“No!” agap niya sa malakas na boses, na para bang krimen ang inaalok nitong gawin niya. “Ah—ano kasi, uuwi ako ng Pampanga, eh. Ngayon na.” Exaggerated pa siyang tumingin sa wristwatch niya—na sa kaba niya pala kanina ay nakalimutan niyang isuot iyon.

Both men chuckled. Her face flushed in shame. *Sobra nang kahihyan ‘to, Gie. Umalis ka na, ngayon na!*

“Are you all right?” tanong ni Adrian. “Hindi ka mukhang okay. Kagabi ka pa—”

“I’m okay,” agap niya. “Marami lang akong iniisip kaya malilimutin na ako. Ahm... nagpunta nga pala ako kasi—”

“Magpapaalam ka kay Kuya?” sansala ni Arone. Nilampasan na sila nito at nagtungo na sa kusina.

“O-oo, ‘yon nga, Adrian. M-magpapaalam ako. And... I’d like to... to wish you luck. Di na kita makikita before Thursday kasi may klase ako, walang time lumuwas ng Manila at ngayon na ang uwi ko sa Pampanga.” Hindi niya napigilan ang paglunok. “Kaya dumaan na ako...” Sa tinamo niyang kahihiyang ay wala na siyang guts na ulitin pa ang confession niya kanina, lalo pa at nasa paligid si Arone na alam niyang pinagtatawanan siya nang lihim!

“Thanks, Gie.” Lumungkot ang anyo ni Adrian. “Ang totoo, I’ll miss you. I’ll miss everyone...” Tumaba ang puso niya.

Gumanti siya ng ngiti. Nagpaubaya siya nang kabigin siya nito at yakapin. She knew it meant goodbye.

“Mag-iingat ka r’on,” usal niya.

“Kaw rin...”

“Hindi ka na babalik ng Pilipinas?”

“Hindi ko alam, Gie. Maybe, maybe not...”

Katahimikan.

“Baka magkaiyakan pa kayo. ‘Baba na para kumain!’” anang boses ni Arone. Nakatingala ito sa kanila mula sa ibaba ng hagdanan. Pinawalan na siya ni Adrian.

“Bye...” anas niya at tinitigan ang buong mukha nito sa huling pagkakataon. Hindi na niya naitago ang lungkot sa ngiti. Since ito na naman ang huli, pagbibigyan na niya ang sarili. Muli niya itong niyakap at hinagkan sa pisngi pagkatapos. Unang pagkakataon niyang ginawa iyon sa isang lalaki.

Hindi na umimik si Adrian.

“Ako na ang maghahatid sa kanya sa lobby, Kuya,” ani Arone.

Dahil wala na siyang pakialam kung maghatid man ito o hindi ay mabibilis ang mga hakbang ni Angelika palabas. Kung posible lamang na lumipad siya ay baka nasa taxi na siya ngayon.

“Hey... hey, wait!” Naagapan nito ang bisig niya

nang papasok na siya sa elevator.

“Ano?” singhal niya rito para pagtakpan ang kahihiyan. “Tatawa ka? Go ahead!” Matalim niya itong tinitignan.

“Huwag kang magalit sa akin!” depensa nito. noon ay nakapasok na sila sa elevator. “Wala akong kasalanan. Kung hinayaan mo akong buksan ang pinto kanina, nalaman mo na sanang hindi ako si Kuya. Pero pinigilan mo ako. Hinila mo ang doorknob!”

“Sinadya mo!” akusa niya. “Nagpakilala ka sana, eh di, sana hindi ko itinuloy ang—”

“Okay.” Bumaba ang tono nito. “I was tempted—tempted to listen closely. I’d like to hear more revelations... that’s why I kept silent.”

Sa naghahalong hiya at frustration sa dibdib ay hindi niya napigil ang sarili. Hinampas niya ito sa dibdib nang dalawang ulit. Hindi naman ito nagtangkang pigilan siya, tinanggap lamang ang atake niya.

“Nagawa mong itago kay Kuya ang tunay mong damdamin?” Bumukas na sa ground floor ang elevator nang muli itong magsalita.

“Wala ka na r’on!” pasinghal niyang sagot, tuluy-

tuloy ang mga hakbang patungo sa lobby.

“Hey, Angel!”

“Don’t call me Angel!” asar niyang tugon.

“Stop or I’ll tell him everything.”

Kusang huminto ang mga paa niya sa paghakbang. Naniningkit ang mga matang nilingon niya ito. Sa nangyaring ito, sa tinamo niyang kahihiyang ay hindi na niya nais pang iparating kay Adrian ang damdamin niya. Nang niyakap niya ito kanina, tinanggap na niya sa sariling iyon na ang huli. She was letting him go...

Ngumisi si Arone. Sa anyo nito, natitiyak niyang tototohanin nito ang banta. Hindi niya gustong marinig ang tawag ni Adrian sa telepono habang sinasabi sa kanyang *‘Salamat sa feelings, Gie. I’m sorry...’*

Humulagpos na ang pagtitimpi niya. Malalaki ang hakbang na binalikan niya si Arone at bago pa man nito nahulaan ang gagawin niya ay nasapo na niya ang kuwelyo nito.

“Gawin mo at tutuhurin kita!” binata niya.

Tumawa ito, na nahinto nang higpitan niya ang hawak sa kwuwelyo nito. Pero wala siyang mabasang takot sa mga mata nito. In fact, kumikislap ang mata

ng ungas sa amusement!

“Gusto mo ng sample?” hamon niyang naniningkit ang mga mata. Kaagad nitong itinaas ang dalawang kamay sa anyong sumusuko. Wala siyang balak tuhurin ito, tinatakot niya lang ang bruho!

“Hindi na ako magsasalita.” Inginuso ang kamay niyang nasa kuwelyo nito.

“Mabuti na ang malinaw.” Dahan-dahang pinawalan niya ito; inayos pa ang nagusot nitong kuwelyo. “Yan maayos—”

Naudlot ang karugtong niyang sasabihin nang bigla na lamang siya nitong hinagkan sa labi nang mariin! At bago pa nag-sink-in sa kanya ang nangyari ay nasa tapat na ito ng elevator.

“Reward for hurting me, Angel-in-love. Patas na tayo!” Nakangisi itong kumaway bago pumasok sa elevator.

Naiwan siyang tulala.